



Madalas na Itanong tungkol sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Frequently Asked Questions about Family Coordinated Entry)

NAKAUGNAY NA PAGPASOK (COORDINATED ENTRY)

Ano ang “Nakaugnay na Pagpasok” (“Coordinated Entry”)?

Ang Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry) ay ang prosesong pinabilis, at inilagay sa pamantayan na nagsisilbing “bungad na pintuan” (“front door”) para mapagtugma ang mga sambahayang nakararanas ng kawalan ng tahanan sa maaaring ipagkaloob na pantulong ng komunidad, maging silungan man o pabahay, batay sa kalagayan ng pamumuhay at kahinaan ng tao. Ang layunin ng Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry) ay para gawin ang kawalan ng tahanan na maging bihira, maikli, at isang beses na pangyayari. Ang Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ng San Francisco ay nilikha ang proseso ng Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry) upang tiyaking ang mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan ay makalapit sa Homelessness Response System (HRS) ng San Francisco, na siyang pangkalahatang sistema ng mga programa at oportunidad sa pabahay para sa mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan.

Kritikal sa Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry) ay ang mga Lugar na Malalapitan (Access Points) na nagkakaloob sa lokal na komunidad na makalapit sa HRS. Ang mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan ay dapat naroroon sa isang Lugar na Malalapitan (Access Point); gayunman, kung hindi nila kayang gawin, mayroong mga lumilibot na kawani ng Lugar na Malalapitan (mobile Access Point staff) na maaaring maglingkod sa mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan sa iba’t ibang pook sa San Francisco.

NAKAUGNAY NA PAGPASOK NG PAMILYA (FAMILY COORDINATED ENTRY)

Ano ang maaasahan ng mga pamilya sa San Francisco na nakararanas ng kawalan ng tahanan mula sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?

Batay sa pagiging karapat-dapat at pagkaselan ng pangangailangan, lahat ng pamilya sa San Francisco na nakararanas ng kawalan ng tahanan ay aalukin ng parehong hanay ng mga serbisyo mula sa Homelessness Response System sa mga Lugar na Malalapitan (Access Points):

1. Pagtatasa ng Pagiging Karapat-dapat. Tinutukoy kung ang isang pamilya ay kuwalipikado bilang pamilyang walang-tahanan sa San Francisco.
2. Paglutas ng Problema sa Pabahay: Mga pagtutulungang pag-uusap sa mga pamilyang tumutuklas at nagpapalano ng pansamantala at pangmatagalan na mga solusyon sa pabahay na hindi nagmumula sa HRS. Ang layunin ng paglutas ng problema ay para matulungan ang isang pamilya sa San Francisco na nakararanas ng kawalan ng tahanan na mamalagi ng isa o higit pang gabi sa isang ligtas na tirahan, na hindi umaasa sa Homelessness Response System.





3. Pagprayoridad ng Silungan. Ang mga pamilya na nangangailangan ng agarang silungan ay isinasangguni sa First Friendship Shelter. Ang pamilya na walang tinutuluyan sa San Francisco na nakararanas ng kawalang ng tahanan ay isinasangguni sa silungang may sama-samang tulugan o may indibiduwal na kuwarto batay sa mga itinatag na polisiya ng Nakaugnay na Pagpasok (Coordinated Entry).
4. Pagtatasa sa Pagprayoridad ng Tahanan: Tinutukoy ang prayoridad na katayuan para sa pabahay, kung saan batay sa kahinaan, mga sagabal sa pabahay, at kalubhaan ng kawalan ng tahanan. Ibinibigay sa mga pamilyang hindi kayang malutas ang kanimag kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng paglutas ng problema.
5. Pangkalahatang Serbisyo. Impormasyon sa pagsangguni sa ibang mapagkukunan ng pantulong na nasa komunidad gaya ng CALWORKs, at Below Market Rate na mga programa sa pabahay.

Ano ang mga Prayoridad na Katayuan (Priority Status) at Hindi Prayoridad na Katayuan (No Priority Status)?

Ang mga pamilya na nasa prayoridad na katayuan ay karapat-dapat para sa pagsangguni sa pagkakaroon ng mga oportunidad sa pabahay na pinopondohan ng HSH. Gayunman, ang mga pamilyang nasa hindi prayoridad na katayuan ay hindi karapat-dapat para sa pagsangguni sa pabahay na pinopondohan ng HSH. Sa halip, ang mga pamilya na nasa hindi prayoridad na katayuan ay isinasangguning muli sa paglutas ng problema at sa iba pang serbisyo para sa prebensiyon ng kawalan ng tahanan, at mayroon ding opsiyon na makagamit ng emerhensiyang silungan.

Sino ang maaaring lumapit sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?

Ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry) para sa mga pamilya sa San Francisco na nakararanas ng kawalan ng tahanan:

- Mga Heograpikong Pangangailangan: kasalukuyang namamalagi sa San Francisco o namalagi ng ilang araw sa San Francisco sa nakalipas na 7 araw, o hindi naninirahan sa San Francisco ngunit may anak/mga anak na naka-enrol sa San Francisco Unified School District o pumapasok sa pre-school o daycare sa San Francisco.
- Komposisyon ng pamilya: isa o higit pang mga nasa hustong gulang na may pisikal at legal na kustodiya ng isang anak na menor-de-edad na 17 taong gulang o mas bata, o isa o higit pang mga nasa hustong gulang sa isang sambahayan na may tao na nasa ikatlong trimester o 5+ buwan na may mataas na panganib ng pagbubuntis.
- Kasalukuyang Kalagayan ng Pamumuhay: pamilya na nakararanas ng kawalang ng tahanan ay nakatira sa:
 - Yunit ng pabahay (mayroon o wala silang sariling pag-upa) ngunit dumaranas ng karahasan sa tahanan, seksuwal, o pisikal na pag-abuso.





- Isang pook na walang silungan (sa mga labas, sa isang sasakyan, isa pang lugar na hindi marapat na tirahan ng tao).
- Emerhensiyang silungan sa San Francisco, yunit ng pabahay (mayroon o wala silang sariling pag-upa) ngunit dapat agad umalis, o sinabihang umalis (sa loob ng susunod na 14 araw) at walang lugar na mapupuntahan.
- Panandaliang Pabahay para sa mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan pagkaraan ng panahon ng pagtakas sa karahasan sa tahanan (DV); pamamalagi sa lansangan o sa silungan; at mga pamilyang namalagi sa dalawa o higit pang mga lugar ng pansamantalang pabahay sa nakaraang 60 araw nang walang isa pang opsiyon sa pabahay.

Maaari bang ang mga pamilyang nakararanas ng Karahasan sa Tahanan ay lumapit sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?

Oo. Kapag ibinunyag, ang kawani ng Lugar na Malalapitan (Access Point) ay magtatrabaho para mabilis na maiugnay ang pamilya sa mga magagamit na silungan at mapagkukunan ng pantulong para sa nakararanas ng karahasan sa tahanan, at sa mga serbisyo ng HRS at mga interbensiyon.

Maaari bang lumapit ang nasa Transitional Age Youth (TAY) sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?

Oo. Ang TAY (kabataang nasa edad 18 – 24) na nakararanas ng kawalan ng tahanan na may pisikal at legal na kustodiya ng isang anak na menor-de-edad na 17 taong gulang o mas bata ay hinihikayat na humingi ng tulong mula sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry).

Sa kasalukuyan, ang HSH ay nasa pagpapatupad ng bahagi ng pagpapalano para sa Nakaugnay na Pagpasok ng Kabataan (Youth Coordinated Entry). Sinumang miyembro ng komunidad na interesado na higit na matuto tungkol sa Nakaugnay na Pagpasok ng Kabataan (Youth Coordinated Entry) ay maaaring dumalo sa pulong ng Local Homeless Coordinating Board (LHCB) Coordinated Entry at ONE System Committee. Para sa higit na impormasyon tungkol sa Nakaugnay na Pagpasok ng Kabataan (Youth Coordinated Entry), sumangguni sa <http://hsh.sfgov.org/lhcb/lhcb-cesone-system-committee/>.

Maaari bang lumapit ang mga Nasa Hustong Gulang sa Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?

Hindi. Ang mga nasa hustong gulang sa San Francisco na nakararanas ng kawalan ng tahanan na walang pisikal at legal na kustodiya ng isang anak na menor-de-edad na 17 taong gulang o mas bata, o hindi nasa ikatlong trimester o 5+ buwan na may mataas na panganib ng pagbubuntis ay dapat humingi ng tulong mula sa Nakaugnay na Pagpasok ng Nasa Hustong Gulang (Adult Coordinated Entry).

Paano ko malalapitan ang Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry)?





Ang mga pamilya na nakararanas ng kawalan ng tahanan ay maaaring lapitan ang Nakaugnay na Pagpasok ng Pamilya (Family Coordinated Entry) sa pamamagitan ng pagiging naroon sa Bayview Access Point o sa Central City Access Point sa mga oras ng operasyon nito:

BAYVIEW ACCESS POINT
1641 LaSalle Avenue
San Francisco, CA 94124
415.430.6320

Mga Oras ng Operasyon

Lunes (Mahabang oras)	8:30 AM – 7:00 PM
Martes	8:30 AM – 5:00 PM
Miyerkules	8:30 AM – 5:00 PM
Huwebes	8:30 AM – 5:00 PM
Biyernes	8:30 AM – 5:00 PM
Sabado at Linggo	Sarado

Pagsasara sa Pista Opisyal

Thanksgiving Day, Christmas Day (at Disyembre 24 & 26), New Year’s Day, Martin Luther King’s Birthday, President’s Day, Memorial Day at Fourth of July

CENTRAL CITY ACCESS POINT
37 Grove Street
San Francisco, CA 94103
415.644.0504

Mga Oras ng Operasyon

Lunes	9:00 AM – 5:00 PM
Martes	9:00 AM – 5:00 PM
Miyerkules (Mahabang oras)	9:00 AM – 7:00 PM
Huwebes	9:00 AM – 5:00 PM
Biyernes	9:00 AM – 5:00 PM
Sabado at Linggo	Sarado

Pagsasara sa Pista Opisyal

Thanksgiving Day, Christmas Day, New Year’s Day, Martin Luther King’s Birthday, President’s Day, Memorial Day at Fourth of July

MISSION ACCESS POINT
3270 18TH Street
San Francisco, CA 94124
415.972.1284

Mga Oras ng Operasyon

Lunes	8:30 AM – 5:00 PM
Martes	8:30 AM – 5:00 PM
Miyerkules	8:30 AM – 5:00 PM
Huwebes	8:30 AM – 5:00 PM
Biyernes	8:30 AM – 5:00 PM
Sabado at Linggo	Sarado

Pagsasara sa Pista Opisyal

Thanksgiving Day, Christmas Day (at Disyembre 24 & 26), New Year’s Day, Martin Luther King’s Birthday, President’s Day, Memorial Day at Fourth of July

Paano ako makakakuha ng emerhensiyang silungan kung sarado ang mga Lugar na Malalapitan ng Pamilya (Family Access Point)?

Ang mga pamilyang nangangailangan ng agarang emerhensiyang silungan ay maaaring direktang pumunta sa First Friendship Shelter sa 501 Steiner Street, San Francisco, CA 94117, mula Lunes hanggang Linggo sa pagitan ng 3:00 PM hanggang 8:00 PM.





DEPARTMENT OF
HOMELESSNESS AND
SUPPORTIVE HOUSING

PO Box 7988
SAN FRANCISCO, CA 94120
415.252.3232
<http://hsh.sfgov.org>

